PROPERTY OF
QUEZON CITY PUBLIC LIBRARY

Q.C. PUBLIC LIBRARY
LOCAL HISTORY



PAGDIRIWANG NG IKA-97 KAARAWAN

NG

PANGULONG MANUEL L. QUEZON

Agosto 19, 1975

at

Pagpaparangal sa mga nagkamit

ng

GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN



PANGULONG MANUEL L. QUEZON

ama ng wikang pambansa



KGG. FERDINAND E. MARCOS

Pangulo ng Pilipinas
tagapagtatag ng bagong lipunan



IMELDA ROMUALDEZ MARCOS

Unang Ginang ng Pilipinas

bathaluman ng sining at panitikan



KGG. NORBERTO S. AMORANTO

Alkalde ng Lunsod Quezon
tagapagtaguyod ng wika at panitikang Pilipino

PANAUHING PANDANGAL



DR. ONOFRE D. CORPUZ

Pangulo ng Pamantasan ng Pilipinas

LUPONG TAGAPAGPAGANAP
ng
IKA-97 PAGDIRIWANG NG KAARAWAN NG PANGULONG MANUEL L. QUEZON
Agusto 19, 1975



KGG. NORBERTO S. AMORANTO
Tagapangulong Pangkalahatan



KGG. EDUARDO T. PAREDES
Pang. Pangulong Tagapagpaganap



KGG. STEPHEN N. SARINO
Kat. Na Tagapangulong Tagapagpaganap



G. FLORENTINO A. LAPUS
Pang. Tagapangulo



ATTY. JOSE G. NARCELLES
Kalihim Tagapagpaganap

IBA PANG MGA KAGAWAD NG LUPON



G. SILVERIO SJ. CRUZ
Tagapangulo
Lupon Sa Pananalapi



INHINYERO PANTALEON P. TABORA
Tagapangulo
Lupon sa Pagsasaayos ng Pagdarausan ng Palatuntunan



KGG. HUKOM LEONOR INES LUCIANO
Tagapangulo
Lupon Sa Paanyaya



KGG. HUKOM PACIFICO L. PUNZALAN
Tagapangulo
Lupon sa Paglahok ng Simbahan



DR. LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpala



KOR. TOMAS B. KARINGAL
Tagapangulo
Lupon sa Pagtataas ng Bandila at Pag-aalay ng Bulaklak



KAL. FELIPE L. TING
Kalihim ng Lunsod



ATTY. ARTURO V. UY
Tagasuri ng Lunsod



INHINYERO CELSO BATALLONES
Tagapamanihala ng Gusali

MGA OPISYAL NG LUNSOD QUEZON

Norberto S. Amoranto
Hon. City Mayor

Ronald Kookooritchkin
Hon. Vice Mayor

Hon. Precioso R. Perlas
Hon. Stephen N. Sarino
Hon. Amado P. Cortez
Hon. Andres V. Genito, Jr.
Hon. Melencio M. Castelo
Hon. Eulalio L. dela Cruz
Hon. Emeterio M. Gonzales
Hon. Jose J. Paculdo
Hon. Estanislao G. Alinea, Jr.
Hon. Eduardo T. Paredes
Hon. Mario Montenegro
Hon. Alfredo A. Francisco
Hon. Jesus P. Perlas, Jr.
Hon. Honorio M. David
Hon. Jose Vera Perez

Anacleto S. Madrilejo
Secretary to the Mayor
Veronica A. Ramos
Asst. Sec. to the Mayor
Atty. Jose G. Narcelles
Asst. to the Mayor
Jose T. Torcuator
City Attorney

Jesus I. Calleja
City Treasurer
Felipe L. Jing
City Secretary
Carlos S. Tan
City Public Services Officer
Pantaleon P. Tabora
City Engineer
Arturo V. Uy
City Auditor
Homer C. Angelo
City Health Officer
Conmemoracion M. Concepcion
City Supt. of Schools
Leonardo M. Cuyong
City Assessor
Luciano B. Aquino
City Architect
Justiniano P. Cortez
City Fiscal
Hon. Minerva C. Genovea
Judge, City Court, Br. I
Hon. Aloysius Alday
Judge, City Court, Br. II

Hon. Pacifico L. Punzalan
*Judge, City Court, Br.*III
Hon. Concepcion B. Buencamino
Judge, City Court, Br. IV
Hon. Justiniano C. Estrella
Judge, City Court, Br. V
Hon. Oscar A. Inocentes
*Judge, City Court, Br.*VI
Hon. Perpetua D. Coloma
*Judge, City Court, Br.*VII
Vitaliano Valdellon
Clerk of Court, City Court
Kor. Tomas B. Karingal
Supt. NPD, MPF
Vitaliano Valdellon
City Sheriff
Dr. Fe Villanueva-Fernandez
Director, QCGH
Salvador G. Narcelles
Chief, Fire Department
Ernesto G. Reyes
City Electrician
Mylah de Leon
Public Information Officer

COURT OF FIRST INSTANCE

Branch IV	Judge Lino L. Anover
Branch V	Judge Eduardo Tutaan
Branch IX	Judge Ulpiano Sarmiento
Branch XXVI	Judge Sergio A.F. Apostol
Branch XXVII	Judge Julian Lustre
Branch XXVIII	Judge Vicente G. Ericta
Branch XXXI	Judge Augusto Valencia
Juvenile & Domestic Relations Court	Judge Leonor Ines Luciano
Clerk of Court	Atty. Vicente S. Ocol

LUPON SA GANTIMPALA



Gng. Asisola Lim Amoranto
Tagapangulong Pandangal



Ligaya D. Perez
Tagapangulo



Florentino A. Lapus
Katulong na Tagapangulo

Mga Kagawad



Fr. Ben Carreon



Teodorico C. Santos



Rustica C. Carpio



Anacleto I. Dizon

GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

MGA PARARANGALAN:

LOPE K. SANTOS ..... PAHAM NG WIKA
(Gawad Postumo)

IÑIGO ED. REGALADO ..... PANTAS NG PANITIKAN

Mga Dangal ng Lahi

1. SEVERINO REYES ..... SARSUWELA
2. DR. FAUSTO J. GALAURAN ..... NOBELA
3. GENOVEVA EDROZA-MATUTE ..... MAIKLING KATHA
4. TEODORO A. AGONCILLO ..... KASAYSAYAN
5. CLODUALDO DEL MUNDO ..... PANUNURING PAMPANITIKAN
6. ANICETO F. SILVESTRE..... TULA
7. DIONISIO S. SALAZAR ..... DULA

MGA KATIBAYAN NG PAGPAPAHALAGA

CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS FOR LITERATURE - PANITIKAN

REV. FATHER BOB GARON ..... "Kamalayang Panlipunan"

PABLO V. RAYOS ..... "Alagad ng Batas ng Taon"

CORNELIO DOMINGO ..... Matapat na Paglilingkod

CAPITOL PRESS CLUB ..... Pakikipagtulungan at
Mabisang Pagpapalaganap ng Balita

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

LOPE K. SANTOS

PAHAM NG WIKA

(Gawad Postumo)

DAHIL SA:

* Kanyang BALARILA NG WIKANG PAMBANSA
* Kanyang nobelang BANAAG AT SIKAT
* Mga aklat ng tula : PUSO AT DIWA, HAMAK NA DAKILA, SINO KA? at DIWA NG MGA SALAWIKAIN
* Pag-aaral sa ONOMATOPIYA NG WIKANG TAGALOG
* Pamamatnugot sa MULING PAGSILANG, MABUHAY, ANG BAYAN at SAMPAGUITA
* Panunungkulang Direktor ng SURIAN NG WIKANG PAMBANSA
* Matapat na paglilingkod sa bayan bilang guro, manunulat, lider ng manggagawa, gobernador at senador, at pagkakamit ng Rizal Pro Patria Award.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

INIGO ED. REGALADO

PANTAS NG PANITIKAN

DAHIL SA:

* Kanyang aklat ng mga 400 tula na pinamagatang DAMDAMIN
* Mga nobelang MADALING ARAW, SAMPAGITANG WALANG BANGO, LABING-APAT NA AWA, MAY PAGSINTA'Y WALANG PUSO, at DALANGINDING
* Mga operang Tagalog na MARIANG MAKILING at PAGMAMAHALAN
* Gawad na Master of Arts in Literature, Honoris Causa, ng Centro Escolar University
* Pagiging Editor ng Taliba, Ang Mithi, Pagkakaisa at Ilang-ilang
* Pagtatamo ng Cultural Heritage Award ng Republika ng Pilipinas
* Pagtatamo ng Presidential Award of Merit for Literature.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

12

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN
PAGKILALA
kay
SEVERINO REYES
DANGAL NG LAHI sa SARSUWELA
(Gawad Postumo)

DAHIL SA:

* Kanyang mga sarsuwelang WALANG SUGAT at MINDA MORA na hanggang sa ating kapanahunan ay muling itinatanghal sa Cultural Center of the Philippines at sa iba pang dako ng Pilipinas
* Pangunguna niya sa pagbuo ng sariling pangkat ng mga sarsuwelista na kilala sa pangalang GRAN COMPANIA DE ZARZUELA TAGALA
* Pagtatatag at pamamatnugot sa LINGGUHANG LIWAYWAY
* Paglalathala linggu-linggo ng kanyang napabantog na MGA KUWENTO NI LOLA BASYANG na kinagiliwan ng sambayanan
* Pagtatamo niya ng maraming gantimpalang pampanitikan sa ating bayan at sa ibang bansa man
* Pagkakatuklas niya sa maraming kuwentista at nobelistang ngayon ay mga bantog na
* Pinagsuplingan siya ng mga artistang Pilipino sa iba't ibang sangay ng sining.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

Igaya Perez
IGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

N. S. Amoranto
NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

DR. FAUSTO J. GALAURAN

(Gawad Postumo)

DANGAL NG LAHI sa NOBELA

DAHIL SA:

* Walang katulad na nobelang LIHIM NG KUMPISALAN
* Pangunguna niya sa pagkatha ng mga nobela sa LINGGUHANG LIWAYWAY mula noong 1922 hanggang sa siya'y yumao
* Pamamatnugot-Tagapayo sa LINGGUHANG BULAKLAK
* Pamumuno niya sa samahang KALIPUNAN NG MGA KUWENTISTA
* Malimit na pagwawagi sa mga timpalak sa pagsulat ng Maikling Kuwento
* Kanyang mga panayam tungkol sa Mga Nobelang Tagalog sa pagtataguyod ng SURIAN NG WIKANG PAMBANSA at ng PAMANTASAN NG PILIPINAS
* Kanyang pagkatha ng napakaraming mga nobelang isinapelikula ng mga pangunahing estudyo sa Pilipinas.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

Republika ng Pilipinas

Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

GENOVEVA EDROZA-MATUTE

DANGAL NG LAHI

sa

MAIKLING KATHA

DAHIL SA:

* Paulit-ulit niyang pagkakamit ng Unang Gantimpala sa CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS FOR LITERATURE sa larangan ng Maikling Katha
* Mabisang pagtuturo niya ng Wika at Panitikan sa Dalubhasaang Normal
* Mga panayam niya sa mga paksang pampanitikan na mahalaga sa kabataan at sa bayan
* Paglilingkod niya bilang inampalan sa iba't ibang Timpalak-Pampanitikan na itinataguyod ng iba't ibang institusyon
* Pamamatnugot niya sa mga babasahing pampanitikan, pampaaralan at pandalubhasaan
* Pag-aaral at pananaliksik tungkol sa ating wika at panitikan
* Pagkatha niya ng namumukod-tanging mga dulang panradyo.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

15

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

TEODORO A. AGONCILLO

DANGAL NG LAHI sa KASAYSAYAN

DAHIL SA:

* Pagkatha niya ng mga aklat na: ANG KASAYSAYAN NG PILIPINAS, THE REVOLT OF THE MASSES, PHILIPPINE HISTORY, THE WRITINGS AND TRIAL OF ANDRES BONIFACIO, at marami pang ibang aklat na pangkasaysayan.
* Pagsulat ng talambuhay sa patimpalak ukol sa ating mga Pambansang Bayani na siyang nagkamit ng gantimpala sa UP noong 1934
* Pagkatawan niya sa Pilipinas sa Asian History Congress, New Delhi, noong 1961
* Pagkatawan niya sa Pilipinas sa Panayaman ng International Association of Historians of Asia.
* Paglilingkod niya bilang Exchange Professor sa University of Malaya sa Kuala Lumpur, Malaysia noong 1965
* Pag-aaral at pananaliksik tungkol sa kasaysayan at kulturang Pilipino
* Pagbibigay-dangal niya sa kanyang bayan sa International Organization of Orientalists.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

Ligaya Perez

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

N. S. Amoranto

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

16

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

CLODUALDO DEL MUNDO

DANGAL NG LAHI

sa

PANUNURING PAMPANITIKAN

DAHIL SA:

* Kanyang pangunguna sa panunuring pampanitikan mula pa noong 1929
* Pagpapalimbag ng aklat na MULA SA PAROLANG GINTO
* Pagsulat ng sarsuwelang ANONG TAMIS NG MGA SANDALI SA SARILING BAYAN na kauna-unahang itinanghal sa CULTURAL CENTER OF THE PHILIPPINES
* Pagkakahirang sa kanyang isa sa 11 kagawad ng AKADEMYA NG WIKANG PILIPINO, sa pagtataguyod ng UNESCO
* Pagiging pangunahing editor na nakatuklas at pumatnubay sa maraming makata, kuwentista, nobelista, mandudula natin sa ngayon
* Pagkakasulat niya ng maraming napabantog na mga kasaysayang pampelikula at panradyo at pantelebisyon
* Pagtatamo niya ng Presidential Award of Merit For Literature and Nationalism.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

17

Republika ng Pilipinas

Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

ANICETO F. SILVESTRE

DANGAL NG LAHI

sa

TULA

DAHIL SA:

* Pagtatamo ng apat na Unang Gantimpala sa Tula, dalawa sa TALIBA, isa sa ANG BANSA, at sa pagdiriwang ng Araw ni Rizal
* Unang Gantimpala sa Tula sa ika-10 Taon ng Republika ng Pilipinas noong 1956
* Unang Gantimpala sa Tula sa Carlos Palanca Memorial Awards For Literature noong 1969
* Kanyang aklat na KALIKASAN na binubuo ng 82 tula
* Pagsasaaklat ng MGA LIRIK NG ATING MAGAGANDANG AWITING-BAYAN at KUNDIMAN
* Pagiging mananaliksik at tagasaling-wika ng SURIAN NG WIKANG PAMBANSA noong 1944
* Pagiging hindi lamang makata, kundi mamamahayag pa rin sa mga pang-araw-araw na ANG BAYAN, ARAW, BAGONG BALITA at ARAWANG BALITA.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon



GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN

PAGKILALA

kay

DIONISIO S. SALAZAR

DANGAL NG LAHI

sa

DULA

DAHIL SA:

* Kanyang masigasig at makabuluhang pagtulong sa ikayayaman at ikauunlad ng dulaang Pilipino
* Patuloy na pananaliksik at pagtitipon ng iba't ibang uri ng sinauna at pangkasalukuyang dulang katutubo
* Paglalathala niya ng mga sanaysay, kuwento at tula sa Ingles at Tagalog
* Pagkakamit niya ng Tatlong Unang Gantimpala sa Dula sa CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS FOR LITERATURE
* Pamamatnugot niya sa mga antolohiyang PALANCA
* Pagkatawan niya sa Pilipinas sa mga pandaigdig na panayamang pangkabataan, pangkalinangan at pangwika
* Paghahasik niya ng diwang makabayan sa pamamagitan ng kanyang natatanging mga dula.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

Ligaya Perez

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

N.S. Amoranto

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

19

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon

GANTIMPALANG QUEZON SA PANITIKAN
KATIBAYAN NG PAGPAPAHALAGA
sa
CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS
FOR LITERATURE

DAHIL SA:

* Pagkakalunsad ng pambansang timpalak pampanitikan sa Ingles at sa Pilipino noong 1950 na naging palagian na
* Kasiglahan at kasiyahang naidudulot sa mga kuwentista, makata at mandudula
* Pagtatanghal ng mga naunang nagwaging dulang Palanca noong mga 1955 at 1956

* Pagtitipon sa isang aklat ng mga nagwaging maikling katha at mga dulang iisahing yugto na sumasaklaw sa mga taong 1951 — 1955
* Pagpapalimbag sa isang antolohiya ng lahat ng mga ginantimpalaang maikling kuwento, tula at dula mula sa taong 1956 hanggang sa taong 1975
* Patuloy na pagdaragdag ng gantimpalang salapi sa naturang timpalak
* Pagpapanatili sa mataas na pamantayang sinusunod ng mga Lupon ng Inampalan sa pagpili sa mga akdang lubos na ikararangal ng ating panitikan.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA I. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpalang Quezon sa Panitikan

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

Republika ng Pilipinas

Lunsod Quezon



Sa pagdiriwang ng ika-97 kaarawan ng Pangulong Manuel L. Quezon ang Lupong Tagapagpaganap at ang mga pinuno ng Pamahalaan ng Lunsod Quezon ay nagkakaloob

ng KATIBAYAN NG PAGPAPAHALAGA

kay REV. FR. BOB GARON

sa KAMALAYANG PANLIPUNAN

DAHIL SA:

* Pagkakatatag niya ng SEARCH, isang kilusang pangkabataan na nahahawig sa Kursilyo
* Pagkakapagtayo ng kapuri-puri't kanais-nais na mga tahanan: ang WELCOME HOUSE para sa mga babaing nagdadalaga at nagkakaroon ng mga di-karaniwang suliranin, ang THE HOUSE FOR UNWED MOTHERS at ang NURSERY FOR UNWED MOTHERS
* Pamamahala sa mga palatuntunang panradyo at pantelebisyon na di lamang nakalilibang kundi kapupulutan pa rin ng magagandang aral
* Pagtatatag at pamumuno sa DARE FOUNDATION INC. na naglalayong sugpuin ang paggamit ng mga bawal na gamot at mapagpanibagong buhay ang mga naging biktima
* Masigasig na pagsusulat tungkol sa pag-ibig ng tao sa kapwa
* Walang pagod na pagbibigay ng payo sa mga may suliraning lumalapit sa kanya
* Patuloy na paghahasik ng Ginintuang Tuntunin sa buhay ng tao.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpala

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

Republika ng Pilipinas

Lunsod Quezon



Sa pagdiriwang ng ika-97 kaarawan ng Pangulong Manuel L. Quezon ang Lupong Tagapagpaganap at ang mga pinuno ng Pamahalaan ng Lunsod Quezon ay nagkakaloob

ng

KATIBAYAN NG PAGPAPAHALAGA

kay

TINYENTE PABLO V. RAYOS

bilang

ALAGAD NG BATAS NG TAON

DAHIL SA:

* Pagkakapili sa kanya na isa sa Sampung Namumukod-tanging Alagad ng Batas ng Taong 1974
* Pagkakataas niya ng tungkulin sa pamamagitan ng sariling pagsisikap
* Pakikibaka niya sa masasamang elemento ng lipunan na di alintana ang sariling kapahamakan
* Pambihirang katapangang ipinakita niya maging sa harap ng tiyak na kamatayan
* Mataas na pamantayan ng propesyonalismo sa kanyang tungkulin
* Sa pagiging magalang niya sa mga nakatatataas sa kanya sa tungkulin
* Mabuting pakikitungo niya sa mga mamamayan na siya niyang pinanumpaang paglingkuran.

Ipinagkaloob ngayong ika-11 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

Ligaya Perez

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpala

N. S. Amorant

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

Republika ng Pilipinas
Lunsod Quezon

Sa pagdiriwang ng ika-97 kaarawan ng Pangulong Manuel L. Quezon ang Lupong Tagapagpaganap at ang mga pinuno ng Pamahalaan ng Lunsod Quezon ay nagkakaloob

ng

KATIBAYAN NG PAGPAPAHALAGA

sa

CAPITOL PRESS CLUB

DAHIL SA:

* Paglalapit ng Pamahalaang Lunsod sa mga mamamayan
* Paghahatid ng mga balitang kapaki-pakinabang sa mga mamamayan
* Pagtulong sa mga mamamayan sa pamamagitan ng tinatawag na DEVELOPMENT JOURNALISM
* Pagtulong sa kampanya laban sa DRUG ADDICTION
* Pakikiisa sa pamahalaan sa mga kampanya nito tungkol sa Nutrition, Green Revolution at Family Planning
* Paglulunsad at pagkalikom ng salapi ukol sa MARY MASTIGUE FUND DRIVE na nakatulong nang malaki sa isang pamilya na ang isang miyembro ay nilooban, ginahasa at pinatay
* Patuloy na pagsusulat sa ikauunlad at ikadarakilang muli ng ating bayan.

Ipinagkaloob ngayong ika-19 ng Agosto, 1975, sa Lunsod Quezon, Pilipinas.

Ligaya Perez

LIGAYA D. PEREZ
Tagapangulo
Lupon sa Gantimpala

N. S. Amoranto

NORBERTO S. AMORANTO
Alkalde
Punong Lunsod ng Pilipinas

23

PAGDIRIWANG NG IKA-97 KAARAWAN NG PANGULONG MANUEL L. QUEZON

Martes, Agosto 19, 1975

PALATUNTUNAN

7:30 N.U. — Pag-aalay ng bulaklak sa bantayog ng Pangulong Quezon
Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas
Diplomatic Corps of the Philippines
Mga Pinuno ng Pambansang Pamahalaan
Hukbong Sandatahan ng Pilipinas
Gng. Zenaida Quezon-Avancena
G. Manuel L. Quezon, Jr.
Ang Pamahalaan ng Lunsod Quezon sa pangunguna ng Alkalde, Bise-Alkalde at mga Kagawad ng Sangguniang Lunsod
Mga Pinuno ng Barangay
Mga samahang Sibiko

8:00 N.U. — Pagtataas ng Bandila sa Quezon City Hall Quadrangle
Mga Kalahok:
Banda ng Armed Forces of the Philippines
Northern Police District (MPF)
Mga Pinuno at tauhan ng Pambansang Pamahalaan at Pamahalaang Lunsod
Mga Pinuno ng Barangay
Mabuhay ang Pilipino Movement

8:10 N.U. — Panunumpa ng MPM sa pangunguna ni Gng. Asisola Lim-Amoranto

8:15 N.U. — MISA — Quezon City Hall Quadrangle Rt. Rev. Msgr. Alfredo Reyes, Vicar Forane & Episcopal Delegate for Quezon City.

IMMACULATE CONCEPTION PARISH YOUTH CHOIR — Aawit

. . . Tayo'y pabagu-bago; kulang tayo sa tiyaga; ang unang sagwil ay nakalilito sa atin, at madali nating tinatanggap ang pagkabigo. Ang pagkamakabayan ng karamihan sa atin ay paimbabaw lamang, hindi sapat upang maging sanhi ng kabayanihan.

* * *

. . . Kulang tayo sa pakikipagkapwa. Tayo'y namumuhing tumanggap ng mga pananagutang panlipunan. Itinuturing nating ang ating pamahalaan ang pamulaan ng daloy ng kabuhayan, na pinagkakaitan naman nating pagkalooban ng kahit ano, nguni't siya nating inaasahang panggalingan ng lahat ng biyaya at tulong.

—MANUEL L. QUEZON

. . . Nakamtan na natin ang ating kalayaan, nguni't ang ating diwa ay nagagapos pa rin ng tanikalang kaugnay ng mga kahinaan ng ating pagkatao. Kautangan natin sa ating sarili at sa ating magiging mga anak na kalasin ang mga ito.

* * *

. . . Katungkulan ng demokrasya na idambana ang katauhan ng mga tao sa pinakamataas na luklukan, sapagka't ang demokrasya ay maaari lamang mabuhay at maging mabisang tagapagtaguyod ng kapakanang panlahat kung ang mga tao'y matatalino, tangi-tangi at mahuhusay.

—MANUEL L. QUEZON

. . . Ang ibang mga mamamayan ng daigdig ay nagpupunyaging masapit ang mataas na kalagayan ng kaunlaran at pambansang kaligtasan. Tayo'y hindi... at kailanma'y hindi mapag-iiwanan! Ang mga mamamayang Pilipino ay magpapatuloy sa kanilang katalagahan, upang angkinin ang kanilang dapat kalagyan sa lilim ng araw.

—MANUEL L. QUEZON